4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (Week 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Mark Ian C. Tagami, MAEd (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 2/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa papel na ginagampanan ng mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan tungo sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng bansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng proyektong nanghihikayat sa mga kapuwa mag-aaral sa pagtataguyod at pakikisa sa mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Natatalakay ang kahalagahan ng mga elemento ng pagkabansa**<br>1. Natatalakay ang konsepto ng bansa.<br>2. Naiisa-isa ang mga elemento ng pagkabansa.<br>3. Nakakapagbigay-halimbawa ng mga katangian ng isang bansa.<br>4. Nakapagpapakita ang kahalagahan sa mga elemento ng isang bansa sa iba't ibang pamamaraan at likhang-sining. |
| **D. Nilalaman** | Mga Elemento ng Pagkabansa<br>● Elemento ng Isang Bansa<br>● Ang Pilipinas Bilang Isang Bansa |
| **E. Integrasyon** | Pagkamamamayan<br>Heograpiya ng Pilipinas<br>Mga Napapanahong Isyu<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Adriano, M. C. V., Caampued, M.A. C., C.A. Capunitan, W.F. Galarosa, N.P Miranda, E.R. Quintos. (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Belarde, Rosalinda, Barcelona, Villa, Daroni, Christian, Fajrado, Julieta (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

Dado, Belen P., R.A. Gozun, R. S. Magsino, M. L. L. Manalo, J. B. Nabaza, E. P. Naval. (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Escanilla, K. (2020). Araling Panlipunan Unang Markahan – Modyul 1: Ang Konsepto ng Bansa. Self-Learning Module. Department of Education – Socksargen.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Honradez, E. (2017). Yunit I Aralin 1 Ang Pilipinas ay Isang Bansa. Slideshare. https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-i-aralin-1-ang-pilipinas-ay-isang-bansa.

https://www.scribd.com/document/472795223/AP4-QUARTER1-MODULE-1-Ang-Konsepto-

K TO 12 GRADE 4 LEARNER'S MATERIAL IN ARALING PANLIPUNAN (Q1-Q4). (2015). Slideshare. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-4-learners-material-in-araling-panlipunan-q1q4

Macote, M. (2021). AP4-q1 Mod1 Konseptongbansa v3. Scribd. https://www.scribd.com/document/506393078/AP4-q1-Mod1-Konseptongbansa-v3.

ng-Bansa-pdf

Ocliasa, P. (2020). AP4-QUARTER1-MODULE 1-Ang Konsepto NG Bansa PDF. Scribd.

Pagkilala sa Bansa: Lesson and Worksheets in Araling Panlipunan. (2020). Hunter's Wood. Araling Panlipunan. https://hunterswoodsph.com/araling-panlipunan-pagkilala-sa-bansa/

Tubola, A. (2021). Lesson Plan in Aralin Panlipunan. Scribd. https://www.scribd.com/document/539561729/lesson-plan-in-aralin-panlipunan

Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Ang mga larawan ay kinuha mula sa:

Mocomi Kids. World Map with Countries - General Knowledge for Kids. https://in.pinterest.com/pin/447052700488600273/

Multinational children flying multi-colored kite vector image. VectorStock. https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/multinational-children-flying-multi-colored-kite-vector-23763145

PIA (2023). 20 Bagay na Pinahahalagahan ng mga Pilipino. Philippine Information Agency. https://pia.gov.ph/infographics/2023/11/09/20-bagay-na-pinahahalagahan-ng-mga-pilipino

Sticker template with a couple kids looking at the world map. https://www.vecteezy.com/vector-art/3022715-sticker-template-with-a-couple-kids-looking-at-the-world-map

World Map with Country Names Free Vector. Vectors. https://www.vecteezy.com/vector-art/20833849-world-map-with-country-names

Yano, J. (2018). The continental shelf, the exclusive economic zone, the Philippine Rise, they are not Philippine territory: Comments on the National Territory Provision. Asia Pacific Pathway to Progress Foundations, Inc. https://appfi.ph/resources/commentaries/2265-the-continental-shelf-the-exclusive-economic-zone-the-philippine-rise-they-are-not-philippine-territory-comments-on-the-national-territory-provision

Ang mga bidyo ay kinuha mula sa:
Kto12 Lessons (2021). AP4 Unit 1 Aralin 1- Ang Pilipinas ay Isang Bansa.
https://www.youtube.com/watch?v=gLCjMZPH8gs

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | TALA SA GURO |
|---|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

1. **Munting Balik-Aral**

**Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:**

**SPOT-ify (#Tignan Maigi, Italang Mabuti):**
Gamit ang mapa, tingnang maigi ang mga lugar at tukuyin kung ano ang mga bansa. Matapos sagutan, ang mga mag-aaral ay itatala ang naging kasagutan.



Mula sa: https://in.pinterest.com/pin/447052700488600273/

Ang nakita kong bansa mula sa mapa ay:

______________________________________________________________________________

**Hanap-Usap-Kalap (#Itala at Makibahagi):**

Ang mga mag-aaral ay isasagawa ang pagsusuri ng komiks na sumasalamin sa isinagawa nilang naunang gawain. Hahanap sila ng kapareha at kanilang pag-uusapan o sasagutan ang sumusunod na katanungan.




1. Ano ang paksang pinag-uusapan ng dalawang bata?
   ______________________________________________________________________

**TALA SA GURO:**

Sa bahaging ito, maaaring ang guro ay gagamit ng iba pang halimbawa ng mapa o globo na mas malaki para mas malinaw matingnan ng mga mag-aaral.

Pagkatapos gawin ang gawain na ito, maaaring itanong ng guro ang sumusunod na katanungan sa mga mag-aaral para masukat ang pag-unawa at naramdaman nila sa gawain:
1. Madali mo bang natukoy ang mga bansa mula sa mapa? Bakit?
2. Ano ang naramdaman mo habang isinasagawa ang gawain?

Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang

2. Sa tingin mo, mahalaga bang magkaroon ng batayan upang matukoy kung ang isang lugar ay isang bansa? Bakit?

________________________________________________

3. May mga tanong ka pa bang naiisip na gusting malinawan tungkol sa paksa? Isulat ito sa patlang.

________________________________________________


**IKATLONG ARAW**

**Pangunahin-Pagpuna-Pinal Na Pagtatala – 4Ps (#Initial-Revised-Final Worksheet):**

Mula sa pagbibigay ng mga mag-aaral ng ugnayan nga mga susing konsepto sa mga nagdaang gawain, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang kanilang ideya patungkol sa aralin. Sa mga susunod na araw, maaaring ang mga mag-aaral ay itala ang bagong natuklasan tungkol sa napag-aralan o mga pagpuna patungkol sa kanilang inisyal na isinulat at ang kanilang panghuling pahayag sa kanilang napag-aralan.

Ang tanong na ito ang magiging gabay ng mga mag-aaral sa pagsagot ng gawain:

**Paano makatutulong ang mga kaalaman at konsepto ng pagkabansa sa iyong bilang isang tao at mamamayan ng daigdig?**



**PANGUNAHING SAGOT (Initial Answer)**

Sa tingin ko, makatutulong ang mga kaalaman at konsepto ng pagkabansa bilang isang tao at mamamayan ng daigdig sa pamamagitan ng ...

________________________________________________

**PINUNANG SAGOT (Revised Answer)**

Sa pagtalakay namin ng aralin, aking napagtanto na nakatutulong ang mga kaalaman at konsepto ng pagkabansa bilang isang tao at mamamayan ng daigdig sa pamamagitan ng ...

________________________________________________

**PINAL NA SAGOT (Final Answer)**

Pagkatapos ng pagtalakay sa aralin, sa kabuoan, nakatutulong ang mga kaalaman at konsepto ng pagkabansa bilang isang tao at mamamayan ng daigdig dahil ...

________________________________________________

katanungan o *clues* para mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ag mga konsepto ng aralin.

4

Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng tatlo o apat na araw. Ang pagsagot sa kada patlang ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin. Sa bahagi ring ito, ang guro ay may Kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstwalisasyon).

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:**<br><br>**Buo-Salita (#Susing Salita ng Aralin):**<br><br>Ang mga mag-aaral ay kanilang tutukuyin ang mga konsepto tungkol sa aralin.<br><br>Gawing gabay ang mga pahayag na makikita sa ibang hanay upang matukoy ang konsepto.<br><br>1. **S _ B _ _ A _ Y _**<br>Kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kaniyang nasasakupan.<br>2. **T _ R _ _ O _ _ O**<br>Lawak ng lupain, katubigan, at himpapawid ng isang bansa.<br>3. **_ A M _ H _ L _ _ N**<br>Organisasyong politikal na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpatupad ng programa para sa mamamayan.<br>4. **M _ _ A _ _ Y _ N**<br>Ito ay pangkalahatang tawag sa mga taong nakatira sa isang teritoryo na tumutukoy sa populasyon ng isang bansa.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>Mula sa nakaraang mga gawain, tatanungin ang mga mag-aaral ng mga iba’t ibang pamprosesong tanong:<br>1. Ano ang bumubuo sa isang bansa?<br>2. Bakit kailangang malaman ang mga bumubuo ng pagkabansa?<br>3. Maituturing ba nating bansa ang Pilipinas?<br><br>Bilang ito ang ninanais na makamtang layunin, nararapat na ipabatid sa mga mag-aaral na ang konsepto ng elemento ng pagkabansa bilang ito ay aralin sa asignatura. | Sa bahaging *Buo-Salita,* ang guro ay may kalayaang gumamit ng naaayon na *technique* para sa pagsasagawa nito.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. SOBERANIYA<br>2. TERITORYO<br>3. PAMAHALAAN<br>4. MAMAMAYAN<br><br>Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>Ang ating mundo ay napakalawak na ito ay binubuo ng pitong kontinente: Asia, Africa, Europe, North America, South America, Antartica at Australia. Sa lahat ng kontinenteng ito ay binubuo ng iba't ibang lupain o mga bansa.<br><br>**Kaugnay na Konsepto 1: Ang Mga Elemento Ng Pagkabansa**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang bansa ay isang lugar na may naninirahang mga tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan, kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon, at lahi. Ang lugar ay maituturing na bansa kapag mayroon itong apat na elemento upang kilalanin itong bansa o estado. Ang apat na elemento na ito ay, **tao, teritoryo, pamahalaan** at ganap na kalayaan o **soberanya**.<br><br>**Mga Elemento ng Pagiging Isang BansaTeritoryo**<br><br><br>Mula sa: https://satellites.pro/ Philippines<br><br>Ang teritoryo ay isang mahalagang elemento ng estado. Ito ay tumutukoy sa lawak ng lupain na tinitirhan ng mga tao, kasama na ang katubigan, ilalim ng dagat, himpapawid at kalawakan sa itaas nito. Bukod sa pagiging tirahan, ito rin ang pinamumunuan ng pamahalaan. Maituturing na isang ganap na estado ang isang bansa kung ito ay may teritoryo o lupang sinakop na dumaan sa legal na proseso ang pag-aari nito at umaayon sa mga batas na pandaigdig. Kung ito ay susuriin, ang mga bansa sa mundo ay may iba't ibang sukat, laki, at lawak. Kung titingnan ang mapa, mapapansin na may mga bansang malalaki ang teritoryo kagaya ng Canada, USA, India, Russia, at China. Mayroon din naming mas maliliit na bansa kagaya ng Vatican City, Singapore, at Taiwan. Gaano man ito kalaki o kaliit, kinikilala lahat ng bansa ayon sa batas pang internasyunal ang kanilang pantay-pantay na kalagayan at karapatan na pausbungin ang kanilang lugar.<br><br>**Tao** | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at |

*Tao o mamamayan*, mga grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo, mga mamamayang gumagalaw sa isang lipunan at siyang bumubuo sa po~~upo~~ulasyon ng isang bansa. Bilang bahagi ng bansa, tungkulin ng isang mamamayan na maging tapat sa bansa, paglingkuran ito at ipagtanggol sa panahon ng panganib at digmaan. Ang isang bansa ay magiginng maunlad kung ang kaniyang mga mamamayan ay produktibo, nagkakaisa at sumusuporta sa pamahalaan sa pagkamit ng mga layunin at adhikain sa ikabubuti ng buong sambayanan.



Mula sa: Kto12 Lessons.

**Pamahalaan**

Ang pamahalan ay isang organisasyon na may kakayanan na gumawa at magpatupad ng batas sa isang nasasakupang teritoryo. Ito rin ay may kapangyarihan na magbigay ng mga pangangailangan ng mamamayan ng nasasakupang teritoryo. Layunin nito na magtatag ng kaayusan at mapanatili ang isang sibilisadong lipunan. Sa buong mundo, may iba't ibang uri ng pamahalaan. Maaaring monarkiya o demokrasya, presidensyal o parliyamentarya, at pederal o unitaryo. Sa pamahalaan ng bawat bansa, masusing pinaplano ng mga namumuno ang kanilang mga programa para sa ikagaganda at ikauunlad ng bansa.



Mula sa: Kto12 Lessons.

**Soberanya o Ganap na Kalayaan**



Ang soberanya o ganap na kalayaan ay ang pang-apat na elemento ng isang Estado. Ang soberanya ay ang pagkakaroon ng isang bansa ng kapangyarihang makapag-sarili at pamahalaan ang buo nitong nasasakupan. Ito ang pinakamataas na kapangyarihan ng Estado upang magpatupad ng kagustuhan nito sa pamamagitan ng mga batas. Mayroong dalawang anyo ng soberanya—panloob at panlabas. Ang *panloob na soberanya* ay ang pangangalaga ng sariling kalayan. Ang *panlabas na soberanya* naman ay ang pagkilala ng ibang bansa sa kalayaang ito. Ang soberaniyang panloob ay tumutukoy sa kapangyarihan ng estadong magpasunod sa lahat ng taong naninirahan sa teritoryong nasasakupan nito. Ang pagsasakatuparan nito ay nangangahulugang kaayusan at kapayapaan ng bansa. Kabilang dito ay pagpapatupad ng batas, pagbibigay ng paglilingkod sa mamamayan, pangangasiwa



kontekstwalisasyon ng aralin.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa gawaing ito, ang guro ay maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ng dalawahan o tatluhan.

Maaari ring magbigay ng angkop na katanungan ang guro para mas madaling maiproseso ang nasabing gawain.

Sa bahaging ito maaaring ang guro ay gagamit ng iba pang halimbawa ng mapa o globo na mas malaki para mas malinaw matingnan ng mga mag-aaral.

Maaari ring magbigay ng angkop na katanungan ang guro para mas

sa likas na yaman at pagpapanatili ng kalayaan at karapatan ng mamamayan. Ang soberaniyang panlabas naman ay ang kalayaan ng bansang itaguyod ang lahat na nanaising gawain ng bansa patungkol sa ekonomiya, edukasyon, buwis, hanapbuhay, at iba pang nag-aambag sa ikauunlad ng bansa. Bukod dito, ang soberaniyang panlabas ay nakikita sa pakikipag-ugnayan ng bansa sa iba pang bansa sa pamamagitan ng mga lider. Ang mga kilalang simbolo ng soberaniya ay watawat, salapi, at opisyal na sagisag ng bansa.



Kung nagkulang sa isa o higit pa sa alinman sa apat na binanggit na elemento o katangian ng pagiging isang bansa, hindi ito kai~~y~~lanman matatawag na isang bansa. May mahigit 200 na bansa ang nagtataglay ng apat na elemento ng pagiging ganap na bansa sa kaalukuyan. At isa rito ang ating bansang Pilipinas. Ilan pang lugar sa mundo na maituturing na bansa ay ang Australia, Canada, China, France, Japan, United States of America, at United Kingdom.

**Pamprosesong at Pang-unawang Katanungan:**
Habang tinatalakay ang mga konsepto sa elemento ng pagkabansa, ang guro ay maaaring iproseso ang pag-unawa ng mga mag-aaral gamit ang sumusunod na katanungan:

- Ano kaya ang mangyayari sa isang lugar o bansa kapag walang tao o mamamayan?
- Naniniwala ka bang ang pamahalaan sa isang bansa ay nakatuon upang magbigay ng magandang serbisyo o tulong sa mga mamamayan? Ipaliwana~~n~~g ang sagot.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**

Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ~~a~~ang mga kahulugan o konseptong maaaring iugnay sa mga elemento ng pagkabansa pamamagitan ng talaang ito.



**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Tuklas-Lutas (#Isipin at Sagutin Natin):**

Gamit ang mapa ng daigdig, magbigay o magtala ng tig-tatlong bansang makikita rito ayon sa sukat at kalupaan nito. Isulat ang sagot sa tamang hanay.

madaling maiproseso ang nasabing gawain.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin



| Maliit na Bansa | Mga Bansang May Katamtamang Sukat | Malalaking Bansa |
|---|---|---|
| 1.________<br>2.________<br>3.________ | 1.________<br>2.________<br>3.________ | 1.________<br>2.________<br>3.________ |

**Tanong-Tugon, Pamparunong (#Pamprosesong Katanungan):**

Ang sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Isa-isahin ang mahahalagang katangian o elemento ng isang bansa.
- Nakikita mo ba ang lahat ng katangiang ito sa ating bansa? Patunayan.
- Gaano ba kahalaga ang soberaniya o kapangyarihan ng bansang kinikilala sa loob at labas ng bansa?
- Ano kaya ang mangyayari sa isang bansa kung may kulang sa mga elementong nakatala?
- Masasabi mo bang ang Pilipinas ay isang ganap na bansa? Ipaliwanang ito.

**Kaugnay na Paksa 2: Ang Pilipinas Bilang Isang Bansa**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Bagaman marami ang mga bansang kinikilala sa buong mundo ay mayroon pa rin sa kasalukuyan yung hindi maituturing na bansa dahil hindi pa ito ganap na malaya. Ang mga ito ay tinatawag na kolonya – isang bansang sakop ng isa pang malakas na bansa. Kadalasan, ang mga bansang ito ay walang kalayaan o kapangyarihan. Mayroon din naming mga bansang ang tawag ay *protectorate*. Ang mga bansang ito ay sakop ng ibang malakas na bansa, kung saan ang mga ito ay tumatanggap ng tulong o proteksiyon mula sa bansang sumakop nito batay sa nabuong kasunduan. Sa tulong ng mga iba't ibang isyu at mga impormasyon, ang mga mag-aaral ay aalamin ang mga detalyeng nagpapatunay na ang Pilipinas ay isang bansa.

**Teritoryo ng Pilipinas**

Mayroon iba't ibang dokumento ang nagpapatunay na ang Pilipinas ay may sariling teritoryo:

Ayon sa Saliganag Batas ng 1987, Artikulo 1, ang Pilipinas ay binubuo ng:

4. Kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at mga karagatang nakapaligid dito.
5. Lahat ng iba pang mga teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksiyon ng Pilipinas na binubuo ng:

niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

Maaari pang gumamit ng mas malaking larawan o mapa o globo para mas maipaliwana~~ng~~ ang konsepto dito.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at

- kalupaan
- katubigan
- himpapawirin
- dagat teritoryal
- ilalim ng dagat
- kailaliman ng lupa
- mga karagatang insular
- pook submarina

Bukod dito, nag~~g~~ing gabay na rin sa kabuo~~u~~ang teritoryo ng bansa ang Doktrinang Pangkapuluan o *Archipelagic Doctrine* ng *United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS)* noong Disyembre 10, 1982. Pinagtitibay ng UNCLOS ang kabuoang hangganan ng teritoryo ng bansa na nakapaloob sa batayang guhit o *baseline*. Ang *baseline* ay isang lihang isip na guhit na nagpapakita ng kabuoan ng teritoryo. Ang sakop ng Pilipinas ay umaabot sa 12 milya sa paligid magmula sa *baseline*. Bukod dito, maituturing rin na kabilang sa Pilipinas ang nasa may 200 na milya mula sa *baseline* bilang *exclusive economic zone* ng bansa. Sa bahaging ito, malaya ang mga mamamayan ng bansang gamitin, galugarin, at pangalagaan ang mga likas na yamang naririto.



Mula sa: Philippine National Mapping and Resource Information Authority.

**Pamproseso at Pang-unawang Katanungan:**

Ang sumusunod na katan~~g~~ungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Bakit kailangang bigyang-pansin at halaga ng isang mamamayang Pilipino ang teritoryo o nasasakupan ng kaniyang bansa?
  ________________________________________________________________
- Ano-ano ang suliraning kinakaharap ng bansa patungkol sa kaniyang anyo, sukat, lawak, o hangganan?
  ________________________________________________________________

kontekstwalisasyon ng aralin.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

Sa bahaging ito ng aralin, inaasahang masagot ang mga katanungan ng mga mag-aaral mula sa aralin. Maaaring gawin dito ay sagutin ng guro ang mga katanungan kasama ng mga mag-aaral.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para

| | | |
|---|---|---|
| | **Pilipinas at ang mga Mamamayan**<br><br><br><br><br>Bilang mamamayang Pilipino, tungkulin nating makiisa sa mga gawaing nagpapalakas at nagsusulong ng pag-unlad ng bansa. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:<br><br>**Pamproseso at Pang-unawang Katanungan:**<br><br>Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>● Ano ang iyong tungkulin bilang mamamayang Pilipino?<br>____________________________________________<br>● Ano ang iyong magagawa para sa ikauunlad ng bansa?<br>____________________________________________<br><br>**Pilipinas at Kaniyang mga Karapatan**<br><br>Ang Pilipinas ay kagaya rin ng isang tao na may tinatamasang karapatan. Ang mga ito ay **karapatang ipagtanggol ang sarili, karapatan sa pantay na trato, karapatan sa ari-arian, hurisdiksiyon,** at **diplomasya.**<br><br>**Karapatang ipagtanggol ang sarili –** Ang Pilipinas ay gumagawa ng paraan o hakbang upang ipagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng paggamit ng lakas o puwersa upang labanan ang anomang bantang panganib o pananakop. Ang halimbawa nito ay ang pagpapalakas ng puwersang militar.<br><br>**Karapatang pantay na trato at sa ari-arian** – Malaki man o maliit ang bansa ay mayroon itong pantay-pantay na karapatang protektahan ang kanilang mamamayan, gumamit ng Karapatan at makipag-ari ng teritoryong kaniyang nasasakupan.<br><br>**Hurisdiksiyon** – Ito ay ang karapatan ng isang bansa na saklawan ang mga tao o mamamayan na nasa loob o labas ng bansa. Ito ay isang paraan para mapangalagaan ang mga mamamayan.<br><br>**Diplomasya** – Ito ay ang pagpapadala ng kinatawan ng bansa upang makipagkasundo sa ibang bansa sa usapin ng pampolitika, pangkabuhayan, at pangkultural.<br><br>**Pamproseso at Pang-unawang Katanungan:**<br>Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng | sa pag-unawa ng mga mag-aaral. |

aralin.

- Paano ipinagtatanggol ng ating bansa ang kaniyang mga karapatan?
  ________________________________________________
- Bilang isang Pilipino, ano ang karapatang kaya mong ipagtanggol?
  ________________________________________________

**Ang Bansang Pilipinas**




Mula sa: Araling Panlipunan Unang Markahan
– Modyul 1

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**#Bakitlist (Itanong Mo, Sasagutin Natin):**

Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang pupunan ng mga impormasyon ang ating #BakitList. Ang guro ay hahayaan ang mga mag-aaral na makapaglista ng kanilang katanungang gustong masagot. Para mas magabayan ang mga mag-aaral, maaaring gawing gabay ang katanungang ito sa pagtala sa ating #BakitList ng kanilang tugon.





Halimbawa: Ano ang kailangang malaman para mapausbong pa ang Pilipinas?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay):**

Ang mga mag-aaral ay magtatala ng mga maaaring gawin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pahayag upang maipakitang ipinagmamalaki at pinahahalagahan mo bilang Pilipino sa bansang Pilipinas. Pagkatapos nito ay iyong bubuoin ang kongklusyon sa loob ng kahon.

1. Ang pagmamano at pagsasabi ng “po at opo” sa pakikipag-usap sa mas nakakatanda ay bahagi ng kulturang Pilipinong kailangang…

| | | |
|---|---|---|
| | _______________________________________________________________<br>2. Bilang isang mamamayang Pilipino, kailangang igalang ang kapangyarihan ng bansa. Kaya naman, ipinapangako ko na …<br>_______________________________________________________________<br>3. Bilang isang responsable at mapagmahal na Pilipino, ako dapat ay …<br>_______________________________________________________________<br>4. Ang pakikipagtulungan ng ating bansa sa iba pang bansa ay nakatutulong sa atin dahil<br>_______________________________________________________________<br>5. Bahagi ng pangangalaga at pagprotekta ko sa teritoryo ng ating bansa ay ang…<br>_______________________________________________________________<br>Bilang isang Pilipino, kailangang kong pahalagahan at ipagmalaki ang aking sariling bansa dahil …______________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **IKATLONG ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Tala-Kaalaman (#Italang Mabuti, Tiyak Tumpak Palagi):**<br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang bubuoin ang isang *graphic organizer* patungkol sa elemento ng pagkabansa. Isusulat ang mga salita o ideya ukol dito. Maaari pang dagdagan ang patlang kung kailangan. Maaari itong isagawa kasama ang kapuwa mag-aaral.<br><br><br>**Sulat-Ulat:**<br>Matapos nito, ang mga mag-aaral ay kanilang ilalarawan ang isang bansa sa pagsusulat ng talata.<br>Ang bansa ay…<br> | Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayoun sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**A-B-K-D (Alpabetong Tampok ay Dunong):**

Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ilalagom o ibubuod ang mga mahahalagang konseptong kanilang napag-aralan, naobserbahan, o naranasan patungkol sa aralin at mga iba't ibang gawain. Gawing gabay ang tsart.

| | |
|---|---|
| A | ng mga konsepto o ideya ay... |
| B | ibong-bibo akong malaman ang aralin kasi ... |
| K | ahalagahan nito sa akin ay... |
| D | apat ko pang pagyamanin ang kaalaman upang... |

**Pagpapayaman Ng Bokabularyo:**

Ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaralan ang mga salita at ang kahulugan nito. Gamitin ang mga salita sa pangungusap.

1. elemento – mahalagang bahagi
2. ginagabayan – tinutulungan
3. organisasyong politikal – samahang politikal
4. pinanghihimasukan – walang kalayaan; pinakikialaman
5. saklawan – sakupin

**Tsek Na Tsek, Pag Mali Ekis:**

Ang mga mag-aaral ay kanilang isa-isahin ang mga katangian ng isang bansa. Ang mga mag-aaral ay kailangang lagyan ng tsek (/) ang kahon ng mga pahayag na tumutukoy sa katangian ng isang bansa at ng ekis (X) ang hindi.

| | |
|---|---|
| 1. Mayayamang mamamayan | 6. may pamahalaan |
| 2. binubuo ng iisang lahi | 7. matataas na gusali |
| 3. komunidad ng mamamayan | 8. may sariling wika |
| 4. maraming daanan | 9. walang hangganan ang teritoryo |
| 5. binubuo ng malaking pamilya | 10. binubuklod ng kultura at tradisyon |


makamit ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

**Mga Tamang Sagot:**

1. X
2. X
3. /
4. X
5. X
6. /
7. X
8. /
9. X
10. /

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pagsusulit**<br>**Tayahin Ang Nalalaman.**<br>Lagyan ng tsek (/) ang bilang ng pangungusap na nagsasabi ng elemento ng isang lugar para maituring na isang bansa at ekis (x) kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.<br>____1. May mga mamamayang naninirahan sa bansa.<br>____2. Pinamamahalaan ng iba pang bansa.<br>____3. Binubuo ng tao, pamahalaan, at teritoryo lamang.<br>____4. May sariling pamahalaan na kinikilala at sinusunod ng mga mamamayan.<br>____5. May sariling teritoryo na tumutukoy sa lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito.<br><br>Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang sinasabi ng pangungusap ay TAMA at malungkot ☹ kung MALI.<br>____6. Ang Pilipinas ay isang bansa.<br>____7. Hindi malaya ang Pilipinas kaya hindi ito isang bansa.<br>____8. Tao, teritoryo, at pamahalaan lamang ang kailangan para maging isang bansa ang lugar.<br>____9. Ang China ay maituturing na isang bansa dahil ito ay malaya, may sariling teritoryo at pamahalaan at may mga mamamayan.<br>____10. Ang lugar na pinakikialaman ng ibang bansa at walang sariling pamahalaan ay hindi maituturing na bansa.<br><br>Isulat sa patlang ang T kung ang mga sumusunod na pahayag sa ibaba ay TAMA at M kung ito ay MALI.<br>___11. Mga taga ibang bansa ang namamahala sa Pilipinas.<br>___12. Ang Pilipinas ay matutukoy na isang ganap na bansa.<br>___13. Walang katiyakan ang hangganan ng teritoryo ng ating bansa.<br>___14. Malawak na lupain lamang ang sakop ng teritoryo ng Pilipinas.<br>___15. Hindi kasali sa pag-aari ng bansa ang karagatan at himpapawid.<br>___16. Ang pamamahala ng Pilipinas ay sinasaklawan ng ibang bansa.<br>___17. Isang bansang may ganap na kalayaan ang Pilipinas.<br>___18 Binubuo ng mahigit 10,000 libong katao lamang ang populasyon ng ating bansa.<br>___19. Kawalan ng pamahalaang nangangasiwa ay isang elemento ng pagiging bansa.<br>___20. Tao, teritoryo, pamahalaan at soberanya o ganap na kalayaan | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. /<br>2. X<br>3. X<br>4. /<br>5. /<br>6. 😊<br>7. ☹<br>8. ☹<br>9. 😊<br>10. 😊<br>11. M<br>12. T<br>13. M<br>14. M<br>15. M<br>16. M<br>17. T<br>18. M<br>19. M<br>20. T |

| | | |
|---|---|---|
| | ang mga elemento sa pagiging bansa.<br><br>**Kilalanin At Tukuyin, Iyong Alamin:**<br>Ang mga mag-aaral ay kanilang tutukuyin ang mga lugar kung ito ay bansa o hindi.<br><br><br><br>Mula sa: https://hunterswoodsph.com/araling-panlipunan-pagkilala-sa-bansa/<br>**Palaisipan-Sagutan:**<br>Gamit ang makikitang *crossword puzzle,* ang mga mag-aaral ay kinakailangang mabuo ang mga ideyang nilalarawan. Gawing basehan ang pangungusap na makikita.<br><br>Mula sa: https://hunterswoodsph.com/araling-panlipunan-pagkilala-sa-bansa/<br><br>**Lipat-Kaalaman:** | Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may Kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayun sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa ~~mga~~ sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.<br><br>**Mga Tamang Sagot:** |

Ang mga mag-aaral ay kanilang ihahambing ang mga elemento ng bansa sa mga elemento ng isang matatawag na pamilya. Ang mgag mag-aaral ay maaaring magtambal o magkapareha sa pagtatalakay ng ~~G~~gawain. Gamitin ang *rubric* bilang batayan sa gawain.

| Mga Elemento ng Pamilya | |
|---|---|
| Teritoryo | |
| Tao | |
| Pamahalaan | |
| Soberanya | |

| Mga Pamantayan | Napakahusay (3) | Mahusay (2) | Kailangan pang Magsanay (1) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Akmang-akma sa paksa ang gawain. | Ilang bahagi lamang ang akma sa paksa | Lubos na hindi akma sa paksa ang gawain. |
| Kaayusan at Kalinisan | Lubos na maayos at malinis ang kabuuang gawain. | May mga bahaging hindi maayos at malinis ang gawain. | Hindi malinis at walang ayos ang gawain. |
| Organisasyon ng mga Ideya | Malinis ang paglalahad ng mga ideya. | May mga bahaging hindi malinaw sa paglalahad ng mga ideya. | Magulo ang paglalahad ng mga ideya. |
| Pagkakaugnay ng mga Pangungusap | Lahat ng mga pangungusap ay may kaugnayan sa paksa. | May mga pangungusap na hindi kaugnay sa paksa. | Hindi magkakaugnay ang mga pangungusap. |
| Takdang Oras | Natapos sa takdang oras ang gawain. | Lumagpas ng 30 minuto sa takdang oras. | Lumagpas ng isang araw sa takdang oras nago matapos ang gawain. |
| | | Kabuuan = | |

**Dyornal Ng Karunugan:**
Ang mga mag-aaral ay kanilang itatala at sasabihin ang kanilang kasagutan sa mahalaganag tanong bilang paglalahat sa aralin.
**Paano makatutulong sa aking pagka-Pilipino ang kaalaman tungkol sa Pilipinas bilang bansa?**

1. TAO
   TERITORYO
2. SOBERANYA
3. PAMAHALAAN
4. BANSA
5. PANLOOB
6. PANLABAS

| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong pamamaraan** | **Problemang naranasan at iba pang usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay |
|---|---|---|---|---|
| | **Estratehiya** | | | |
| | **Kagamitan** | | | |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **At iba pa** | | | na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)<br><br>Ano ang aking naranasan? ___<br>Ano ang aking naramdaman? ___<br>Ano ang aking gagawin? ___<br><br>Para Sa Guro<br>Paskilatis (Face and Book Your Self for a Self Exploration Trip)<br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay sapagkat ___<br>Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil ___<br>Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |